

Setyembre 2016

Mahal na mga Magulang at Tagapag-alaga:

Ang Batas sa Sapilitang Pagpasok sa Paaralan (28A.225 RCW) ng estado ay mayroong napakahigpit na mga pag-asam para sa pagpasok ng mag-aaral sa paaralan. Ang batas na ito ay nag-uutos sa iyong (mga) anak na pumasok sa lahat ng mga klase araw-araw maliban kung mayroon silang pinayagang pagliban.

Ang pagpasok ay mahalaga sa akademikong tagumpay ng inyong anak.

Ang paglalagay at pagpapanatili ng pag-asam ng pamilya na ang inyong anak ay papasok sa paaralan araw-araw ay sa pinakamahalagang bagay ng magagawa mo upang siguruhin na magtatapos sila sa haiskul. Ang mga mag-aaral na hindi pumasok sa paaralan sa anumang dahilan ay nagkakaroon ng kahirapang ipagpatuloy sa instruksiyon sa silid-aralan. Hind nila nakukuha ang mahalagang mga konsepto at naiwan sila ng mabilis sa pagkumpleto ng araling bahay.

Ang sumusunod na mga kahulugan ng Mga Pamublikong Paaralan ng Seattle ay natutungkol sa mga mag-aaral sa lahat ng edad: Pinayagang Pagliban:

- Hindi nakaplanong mga pagliban ay pinapayagan kung ang personal na pagkakasakit o pinsala, o ang sakit, pinsala o pagkamatay ng isang miyembro ng pamilya ay nakahadlang sa inyong anak sa pagpasok sa paaralan. Ang paaralan ay maaaring mangailangan ng maikling sulat mula sa doktor ng inyong anak bago patawarin ang mga pagliban kung ang inyong anak ay lumiban dahil sa pagkakasakit o pinsala ng higit sa 10 araw.
- Nakaplanong mga pagliban ay pinatatawad kung nagbigay ka ng pakiusap sa punong-guro o katulong na punong-guro kahit tatlong aralang araw bago magsimula ng nakaplanong pagliban, karaniwan para sa isang pakikipagkita sa doktor o dentista, o relihiyon, o ibang espesyal na isahang pagdiriwang. Ang pangmatagalang pagliban o sunod-sunod na matagalang pagliban ay makakaapekto kung ipapasa ang inyong anak. Ang pagliban na matagal sa dalawampung magkakasunod na aralang araw ay maaaring magresulta sa pagkatanggal ng inyong anak mula sa palistahan ng paaralan.
- Ang mga pagliban dahil sa panandaliang disiplina ng inyong anak ay pinatatawad sa talaan ng pagpasok ng Distrito maliban kung ang inyong anak ay inaatasan ng hukuman na pumasok sa paaralan na walang karagdagang pagbubulakbol o mga problema sa asal.

Hindi Pinayagang mga Pagliban

- Ang lahat ng ibang mga pagliban ay ipinalalagay na hindi pinayagan, kasama ang mga pagliban dahil sa tanghaling paggising ng mag-aaral o magulang, nahuli sa bus ang mag-aaral, problema sa transportasyon, kinakailangan ang mag-aaral na magbantay ng bata o nagsalin-wika sa magulang, mga pangangailangan sa trabaho ng mag-aaral, pagtatalo tungkol sa araling bahay ng mag-aaral, at iba pa.
- Mga pagliban ng mag-aaral na matagal na nasuspendi at napatalsik na mag-aaral ay nagkaroon ng puwang sa programang pagpasok muli, subali't hindi nagpalista at pumasok, ay walang pagpayag ng pagliban.
- Ang mga bakasyon ng pamilya o paglalakbay ng pamilya sa panahon ng araw ng aralan ay hindi pinayagang pagliban.

Maaari mong sabihan ang paaralan ng iyong anak tungkol sa pagliban ng iyong anak sa pamamagitan ng telepono o sa isang nakasulat na pasabi maliban kung ang paaralan ng inyong anak ay nangangailangan ng isang partikular na paraan ng pagsasabi. Karaniwan, ang mga pagpayag ay kailangang matanggap sa loob ng dalawang aralang araw.

Ang sobrang pinayagang mga pagliban ay mga pagkahuli ay mayroong ding katumbas na epekto sa progresong pang-akademiko ng mag-aaral. Ang pananaliksik ay nagpapakita na ang mag-aaral na hindi nakapasok ng marami sa paaralan sa anumang taon sa anumang kadahilanan ay malamang na tumigil sa pag-aaral sa haiskul. Ang Tanggapan ng Pagbubulakbol ay nagtutuon ng pansin sa mga mag-aaral na lumampas ng (20) pinayagang pagliban sa isang aralang taon. Gayundin, ang mga mag-aaral ng elementarya na dumarating ng huli sa paaralan at hindi naabutan ang buod ng oras ng pagtuturo ng 15 o higit pang minuto ng sampu o higit pang araw sa isang aralang taon ay isasailalim sa batay sa paaralan at pangunahing pamamagitan, at maaaring isailalim sa pagbubulakbol na petisyon.

Lubos na gumagalang,

Erin Romanuk, Manedyer, Tanggapan ng Pagbubulakbol